Proyektong Pagpapalit sa Alaskan Way Viaduct at ng Seawall

Taglagas 2003

Pilyegong Papel ukol sa Tunay na Pangyayari

Limang Mapagpipilian

Pagpapalit sa Alaskan Way 'Viaduct' (mahabang tulay na binubuo ng hugpong-hugpong na mga arkong kongkreto) at 'Seawall' (pader na pagsanggalang sa baybaying-dagat mula sa unti-unting pag-aagnas o sumisilbi bilang pambasag-alon) ay magaganapan ang mangilan-ngilang pangangailangan kasama ang ukol sa kadaliang posibilidad na pagkapinsala sanhi ng lindol, kaligtasang trapiko, mga kakulangan sa pagkadibuho ng daan, pagkakaugnay ng sistema, at sa kaligtasan at karapatang magamit na daanan ng mga nabibisikleta at mga naglalakad. Pagkatapos na isaalang-alang ang higit na 75 na mga konsepto sa pagguhit ng plano, ang WSDOT at ang City of Seattle ay nakapili ng limang mga mapagpipilian na tatasahin sa kaparaanang repasong pangkapaligiran.

Ayusing muli ang yari. Ayusing muli ang yari ng umiiral na 'viaduct' (mahabang tulay na binubuo ng hugpong-hugpong na mga arkong kongkreto) sa dating puwesto na may katulad sa ngayon na kayarian at dakong nasasakop at ruta. Ayusing muli ang yari ng may-kasarinlang 'seawall' (pader na pagsanggalang sa baybaying-dagat mula sa unti-unting pag-aagnas o sumisilbi bilang pambasag-alon). Magbibigay ng magkatulad sa ngayon na pagkakagamit.

Sa himpapawid. Pagpalit sa 'viaduct' na may bago at mas malawak na kayarian, mga daanan, at mga tabi ng daanan. Ayusing muli ang yari ng may-kasarinlang 'seawall'. Magbibigay ng magkatulad sa ngayon na pagkakagamit.

Tunel. Palitan ang 'viaduct' ng tunel na may 6-na-linyang-daanan ng mga sasakyan sa buong kahabaan ng sentral 'waterfront' (na lugar na lupa sa baybayin ng dagat). Gamitin ang kanlurang pader ng tunel bilang bagong 'seawall'. Magbibigay ng daanang pagpunta sa kabayanan sa bagong mga rampa sa hilaga at timog ng kabayanan.

Tunel na Liwasan. Palitan ang 'viaduct' ng tunel na may 4-na-linyang-daanan ng mga sasakyan sa buong kahabaan ng sentral 'waterfront' (na lugar na lupa sa baybayin ng dagat) at palawakin ang Alaskan Way ng may 6-na-linyang-daanan ng mga sasakyan. Gagamitin ang kanlurang pader ng tunel bilang bagong 'seawall'. Magbibigay ng daanang paggamit papunta at papaalis nang tuwiran sa kabayanan sa ibabaw na Alaskan Way at liwasan ang kabayanan sa paggamit ng bagong tunel.

Sa ibabaw. Palitan ang 'viaduct' ng 6-hanggang-8-na-linyang-daanan ng mga sasakyan sa ibabaw na Alaskan Way. Ayusing muli ang yari ng may-kasarinlang 'seawall'. Magbibigay ng daanan patungong kabayanan sa ibabaw na Alaskan Way na gagamit ng may panghudyat sa mga pinagkrusan. Pag-aasa sa pagkadami ng pagsakay sa sistemang sumasakay sa mga sasakyang pampubliko.

Pagtantiya ng Mga Aabuting Kalaki ng Gastos

Noong Enero 2002, nagtatag ang WSDOT ng Cost Estimate Validation Process™ (CEVP™), bilang bagong kaparaanan upang pabutihin ang pagtantiya ng gastos para sa mga mahirap na maunawaang proyektong transportasyon. Ibig sabihin nito mga kapanganiban at mga oportunidad na maaring makaimpluwensiya sa gastos o talaan ng oras, araw o petsa ng paggawa sa proyekto ay kinikilala, isinasama sa mga pagtantiya, at maagang pinag-uusapan sa pagkakabuo ng proyekto. Ang mga resulta ng CEVP™ para sa "Alaskan Way Viaduct and Seawall Replacement Project" ay ang mga:

Ayusing muli ang yari	$3.2 - $3.5 na Bilyon
Sa himpapawid	$3.2 - $3.5 na Bilyon
Tunel	$3.8 - $4.1 na Bilyon
Tunel na Liwasan	$3.1 - $3.4 na Bilyon
Sa ibabaw	$2.5 - $2.8 na Bilyon

Kaunlaran

Ang WSDOT at ang City ay kumikilos ng pasulong upang humanap ng walang-palyo na kalutasan. Mga mahalagang pangyayari sa kamakailan lamang na kaunlaran ay:

- Ang pangkat ng proyekto ay pinarami ang bilang ng mga mapagpipilian sa krokis na EIS mula sa tatlo at naging lima upang isaalang-alang ang mas malawak na aabuting kalakihan o hanay ng gastos, mga tagal ng pagkakapagtayo, at mga epekto sa komunidad.
- Ang Cost Estimate Validation Process™ (CEVP™) ay nakumpleto na para sa lahat ng mga mapagpipilian, nagbibigay ng nasa-sa-panahon na tantiyang mga aabuting kalakihan ng gastos.
- Ang mabilis na pagkakasunud-sunod na talaan ng oras, araw o petsa ng paggawa sa proyekto ay nagagampanan, nangangailangang ang mas gustuhing plano ay na pipiliin sa 2004, pag-aproba ng pangwakas na guhit ng plano sa 2005, at ang pagkakapagtayo na mag-uumpisa sa pagpasok ng 2008.

Washington State Department of Transportation
City of Seattle
U.S. Department of Transportation Federal Highway Administration

Ang Pagpondo sa Kasalukuyan

Ang pagtamo ng pagpondo ay napakahalaga sa pagpalit ng 'viaduct' at 'seawall'. Lampas sa $210 na milyon ay naukol sa proyekto sa 2002 at 2003, salamat sa Estado ng Washington, City of Seattle, at Konggreso ng U.S. sa pamamagitan ng pamumuno ni Senador Murray. Ang nakararami sa nitong pagpondo ay nanggaling mula sa 2003 Legislative Transportation Funding Package (ang "Nickel Fund"), na nagbibigay ng $177 na milyon sa proyekto sa loob ng mga sumusunod na 10 taon. Ang WSDOT at ang City ay naghahanap ng hanay sa pangmahabang katagalan na panggagalingan ng pondo sa pagpapatayo. Ang mga panggagalingang pederal, estado, pangrehiyon, at lokal ay lahat na mga posibilidad upang gawin ang proyekto na ito na magkatotoo.

Isang Mahalagang Pangangailangan, Isang Bukod-tanging Oportunidad

Ang Estado ng Washington ay hindi makakayanang gawing mawala ang 'Alaskan Way Viaduct' at 'Seawall'. Na walang mabilis na pagkilos na palitan itong dalawang napakaimportanteng istraktura, ang susunod na lindol ay maaring mapinsala ang mga ito nang higit pa sa pagkukumpuni.

Higit pa sa 50 taon ang katanda, ang 'viaduct' ay nagdadala ng halos doble sa kapasidad nito sa orihinal na pagkadibuho. Mga nasisirang kongkreto sanhi ng pagkalantad sa lagay ng panahon, nangangalawang na pagpapatibay na baras na bakal na nagpapatibay sa kongkreto at inaagnas na kalyeng may latag na aspalto o kongkreto ay nangangahulugan ang kalakarang pagpapanatili sa kanilang nararapat na kalagayan ay hindi nakakatipid sa gastos.

Ang 'seawall' na halos 70 taon ang tanda, ay nagpamalas ng mga hudyat na paggalaw habang Nisqually Earthquake. Ang higit na malaking mga kahungkagan at nasisira na na nakabaong kahoy na mga pilote na sumusuporta sa istraktura sanhi ng katandaan at ng mga krustesyan sa dagat ay nagbibigay ng dahilan para sa seryosong pag-aalaala.

Ang kaligtasan ng publiko, ang pangrehiyon na ekonomiya at katangian ng buhay ay lahat nasa panganib kung walang gagawin na pagkilos. Ang Federal Highway Administration (FHWA), Washington State Department of Transportation (WSDOT) at ang City of Seattle (City) ay nagsama-sama sa pagsasamahan upang isakatuparan ang plano para palitan ang 'viaduct' at 'seawall'.

Alamin Nang Higit Pa

Alamin nang higit pa ang tungkol sa proyekto o magtanong ng katanungan!

Website: www.wsdot.wa.gov/project/viaduct
E-mail: viaduct@wsdot.wa.gov
Hotline: (206) 269-4421
Alaskan Way Viaduct & Seawall Replacement Project
Washington State Department of Transportation
999 Third Avenue, Suite 2424
Seattle, WA 98104

Impormasyong Americans with Disabilities Act (ADA): Ang mga tao na nangangailangan ng makatwirang kaluwagan na ano mang uri ay maaring makipag-ugnayan kay Sarah Ferguson sa 206.382.5287 / fergusa@wsdot.wa.gov. Ang mga tao na mahina ang pandinig ay maaring tawagan ang WA State Telecommunications Relay Service (TTY) sa 711. Title VI: Ang WSDOT ay tinitiyak ang ganap na pag-alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act of 1964 sa pamamagitan ng pagbabawal sa pagpapakita ng pagkiling o pagtatangi laban sa iba batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan at kasarian sa pagbibigay ng mga benepisyo at mga serbisyo. Para sa mga serbisyong pagsasaling-wika mangyari lang pong makipag-ugnayan sa WSDOT sa 206-382-5287. Kinakailangan na makapagsalita ng limitadong Ingles upang ang iyong kahilingan ay maaangkop na matugunan. Para sa impormasyon ukol sa Title VI na Programa ng Departamento, mangyari lang pong makipag-ugnayan sa Kuordinator ng Title VI sa (360) 705-7098.